

KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO

Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ang mas malalamig na buwan ng mga bago at magkakaugnay na hamon sa ating estado, tulad ng mga pagbaha, hangin, mga pagkawala ng kuryente, mga mudslide, malalim na niyebe, at malalamig na temperatura, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.


Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na **IYONG** magagawa ngayon upang panatilihin ang ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay.

MANATILING LIGTAS



SA ISANG BAHA

MAGHANDA PARA




**FOR POWER
OUTAGES**

MAGHANDA PARA



SA MALALAKAS NA HANGIN

MANATILING MAINIT



SA LAMIG

MAGING HANDA PARA



SA MALALIM NA NIYEBE

MAG-INGAT



SA MGA MUDSLIDE



Pumunta sa ListosCalifornia.org/StormSeason para sa mga tip at mapagkukunan upang matulungan ka at ang iyong mga mahal sa buhay na manatiling ligtas sa mga mas malamig at mas basang buwan sa hinaharap.



Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

ListosCalifornia.org



MGA PAGBAHA

- Maaaring napakabilis na mabuo ang mga flash flood. Maghandang ilikas ang lahat ng tao at hayop sa mas mataas na lugar kung iuutos ito. Maglagay ng mga pang-emergency na supply sa isang Go Bag.
- Panatilihing puno ng hindi bababa sa kalahati ang tangke ng gas ng iyong sasakyan kung sakaling palikasin ka. Maaaring magkaroon ng trapiko at mga pagkaantala.
- Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada o magmamaneho o maglalakad sa baha. Maaaring mas malalim ito kaysa sa iniisip mo at maaaring tangayin ka nito o ang iyong sasakyan. Umikot pabalik, huwag magpalunod!




MGA PAGKAWALA NG KURYENTE

- Panatilihing ganap na naka-charge ang mga baterya ng telepono at tipirin ang lakas ng iyong baterya sa pamamagitan ng paglimita sa paggamit ng telepono sa panahon ng pagkawala.
- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan ka tungkol sa anumang isyu sa kuryente. Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at/o pantulong na aparato, siguraduhing magpatala sa isang Medical Baseline na programa upang masigurong ligtas ka kung mawawalan ng kuryente.
- Kung hindi matutugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente, magplano kasama ang mga caregiver para sa transportasyon sa lokasyong may kuryente.



MALALAKAS NA HANGIN

- Maaaring makapatay ang lumilipad na piraso ng anumang materyales. Manatili sa loob ng bahay o sa isang protektadong lugar. Iwasan ang pagmamaneho kung maaari.
- Siguruhin ang anumang maluwag na bagay sa labas na maaaring tangayin at magdulot ng pagkasira o pinsala.
- Lumayo sa mga puno at linya ng kuryente, at huwag kailanman lalapit sa mga natumbang linya ng kuryente. Iwasan ang anumang bagay na maaaring nakadikit sa isang nakatumbang linya, kabilang ang mga sanga ng puno at mga sasakyan.



MALALAMIG NA TEMPERATURA

- Maaaring bumagsak ang temperatura ng katawan sa hindi ligtas na antas sa malalamig na temperatura. Manatili sa loob ng bahay hangga't maaari. Kung kailangan mong lumabas, magsuot ng maiinit at patong-patong na damit, mga guwantes, mga bandana, mga medyas at sombrero.
- Ligtas na painitin ang iyong bahay. Huwag gagamit ng mga stove, camp stove, generator o gas/charcoal grill upang painitin ang loob ng iyong bahay. Nakamamatay ang mga usok.
- Alamin kung saan ka pupunta kung magiging masyadong malamig ang iyong bahay. Maaari kang pumunta sa bahay ng isang kaibigan, sentro ng komunidad, shopping mall, o pampublikong aklatan. Magtanong sa mga opisyal sa emerhensiya ng county tungkol sa mga warming center (sentro ng pagpapainit) na mapupuntahan malapit sa iyo.



MALALIM NA NIYEBE

- Ang malakas na pagbagsak ng niyebe ay maaaring magdulot ng mga pagkawala ng kuryente at pagkakulong mo sa iyong bahay nang maraming araw.
- Magtipon ng pagkain, tubig, at gamot bago ang isang snowstorm.
- Kung kailangan mong bumiyaha, ipaalam sa isang tao kung saan ka pupunta upang malaman niya kung saan ka hahanapin sa isang emerhensiya.



MGA MUDSLIDE

- Alamin kung ang iyong lugar ay nasa mataas na panganib dahil sa mga matarik na dalisdis at runoff, mga naunang pag-agos ng putik, mga pagbaha o mga nakalbong bahagi dahil sa mga wildfire.
- Mapanganib ang mga mudslide kahit matapos tumila ang ulan. Mag-ingat at manatiling mapagmatyag sa mga susunod na araw.
- Bigyang-pansin ang mga ulat ng panahon at lumikas kaagad kung inuutusan.